LOS ANGELES COUNTY SUBSTANCE USE DISORDER SPECIALTY CARE PLAN

Form ng Pagkilala sa Miyembro

ANO ANG HANDBOOK NG MIYEMBRO AT VIDEO NG ORIENTATION?

Ang **Handbook ng Miyembro** ay nagbibigay sa iyo ng buong paliwanag sa mga benepisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substance sa ilalim ng Plan sa Espesyal na Pangangalaga sa Karamdaman sa Paggamit ng Substance ng County ng Los Angeles (o "Plan ng County"), kabilang ang: sino ang kwalipikado at kung anong mga serbisyo ang available nang walang bayad. Ang isang libreng malaking naka-print na kopya ng Handbook ng Miyembro at sa iba pang mga wika ay makukuha mula sa iyong provider ng gamot o maaaring i-download sa **http://publichealth.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm?hl.**

Ang video na **Oryentasyon ng Miyembro** ay nagbibigay sa iyo ng madaling maunawaang buod ng Handbook ng Miyembro at naglalarawan ng mga pangunahing benepisyong makukuha mo sa ilalim ng Plan ng County.

IYONG MGA KARAPATAN

Bilang isang kwalipikadong miyembro ng Plan ng County, may karapatan kang makatanggap ng mga serbisyo sa paggamot sa paggamit ng substance na medikal na kinakailangan. Ang isang buong listahan ng iyong mga karapatan ay makukuha sa iyong Handbook ng Miyembro. May karapatan kang:

- Maging malaya sa mental at pisikal na pang-aabuso, pananamantala, pamimilit, at pisikal na pagpigil
- Panatilihing protektado at pribado ang iyong impormasyon sa kalusugan
- Makilahok sa mga desisyon tungkol sa pangangalaga sa iyo, kabilang ang karapatang tumanggi sa paggamot
- Tumanggap ng pangangalaga sa isang setting ng paggamot na ligtas at etikal
- Maghain ng karaingan (o reklamo)
- Maging malayang gamitin ang mga karapatang ito nang hindi ito negatibong nakakaapekto sa kung paano ka ginagamot

PAHAYAG NG WALANG DISKRIMINASYON

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (Los Angeles County Department of Public Health), Substance Abuse Prevention and Control (SAPC), at ang kinontratang mga provider ng paggamot ay sumusunod sa mga naaangkop na mga batas sa karapatang sibil na walang diskriminasyon sa pederal at estado. Maaari kang magsumbong ng mga paglabag sa Plan ng County gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan na ibinigay sa susunod na pahina.

WALANG GASTOS NA MGA SERBISYO SA PAGGAMOT

Bilang isang kwalipikadong miyembro ng Plan ng County, ang iyong provider ng paggamot ay hindi maaaring humingi sa iyo ng bayad para magbigay ng anumang serbisyong inilarawan sa iyong Handbook ng Miyembro. Nangangahulugan ito ng:
• Walang bayad • Walang deposito • Walang anumang uri ng gastos maliban kung kinakailangan ng benepisyo mo sa Medi-Cal.

PORTAL NG SISTEMA NG PAG-ACCESS NG PASYENTE

May kakayahan kang i-access ang iyong sariling data sa paggamit ng substance, direkta man o sa pamamagitan ng paggamit ng iyong mga aprubadong third-party na aplikasyon, mula sa sistema ng Elektronikong Rekord ng Kalusugan ng Plan ng County. Magbabahagi ang iyong provider ng impormasyon kung paano i-access ang Portal ng Sistema ng Pag-access ng Pasyente.

MGA KARAINGAN/REKLAMO AT APELA

Kung sa palagay mo ay hindi ka tinrato nang tama o tinanggihan ang isang serbisyong tinukoy sa Handbook ng Miyembro, maaari kang maghain ng reklamo. Kung hindi ka sumasang-ayon sa isang desisyon na ginawa tungkol sa paggamot sa iyo, maaari mong iapela ang desisyon.

Ang paghahain ng apela o reklamo ay hindi makakaapekto sa paggamot sa iyo o sa mga serbisyo sa paggamot na iyong natatanggap. Maaari kang maghain ng apela o reklamo sa Plano ng County o Network Provider sa pamamagitan ng email, koreo, pagtawag o fax.

CONTACT INFORMATION

Plano ng County	Impormasyon sa Pakikipag-ugnay sa Tagabigay ng Paggamot
Department of Public Health, Substance Abuse Prevention and Control 1000 South Fremont Avenue, Building A-9 East, 3rd Floor Alhambra, California 91803 MemberServices@ph.lacounty.gov **(Telepono) 1-888-742-7900; press 7** **(Fax) 1-626-458-6692** Makukuha ang Mga Form Sa: http://publichealth.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm	Enter Agency Name Enter Contact (Division or Person) Enter Email Address Enter Street Address Enter City, State, Zip Enter Agency Website OR SAPC Website Phone Fax Makukuha ang Mga Form Sa: Enter Agency Website OR SAPC Website

AGKILALA

(1) Nakatanggap ako ng kopya ng form na ito, AT

(2) Ipinaalam sa akin ang tungkol sa mga benepisyo KO sa paggamot sa ilalim ng Plan ng County (tingnan ang lahat ng naaangkop):

- ☐ Napanood ko ang video ng Orientation ng Handbook ng Miyembro
- ☐ Ipinakita sa akin kung paano hanapin ang Handbook ng Miyembro sa website ng Plan ng County
- ☐ Kinausap ako ng aking provider ng paggamot tungkol sa mga benepisyo sa Handbook ng Miyembro
- ☐ Kinausap ako ng aking provider ng paggamot tungkol sa mga benepisyo ng paggamit ng Portal ng Sistema ng Pag-access ng Pasyente.
- ☐ Binigyan ako ng impormasyon kung paano i-access ang Portal ng Sistema ng Pag-access ng Pasyente.

Miyembro:

I-print ang Pangalan	Lagda	Petsa (mm/dd/yyyy)

Provider Staff:

I-print ang Pangalan	Lagda	Petsa (mm/dd/yyyy)